IKOMPOST ANG MGA TIRANG PAGKAIN AT NASASAYANG NA PAGKAIN PARA MABAWASAN ANG BASURA

Ang mga tirang pagkain ay bumubuo ng higit na 60,000 toneladang basura sa O'ahu sa isang taon. Ang pag-kompost ng mga tirang pagkain ay nakakabawas ng basura at puwedeng gawing pataba sa lupa.

I-donate ang mga hindi na kailangan na nakabalot na pagkain (hal., mga de-lata) bago mag-expire.

Tingnan sa loob para sa tatlong simpleng hakbang upang matulungan kang **ISAMA ANG PAGKAIN** sa iyong lalagyan sa kusina at gawing kompost ang iyong tira-tirang pagkain.

Anong pwedeng gamitin paglagyan sa kusina?

- Timba para sa compost
- Reusable na silicone bag o Resealable na supot
- Reusable na Lalagyan na may takip (hal., lalagyan ng yogurt)

Kailangan mo ba ng lalagyan para sa kusina?

Sumali sa isang ENV in-person na workshop o makipag ugnayan sa City's Recycling Branch para humingi ng impormasyon.

Madaling makakuha ng tulong:

1. Online: honolulu.gov/env/grow
2. Hotline: (808) 768-3200
3. Email: opala@honolulu.gov

BISITAHIN ANG AMING WEBSITE!

Sundan kami sa social media!

@HNL.ENV @HNL.ENV1 @HNL_ENV

Mga tip para sa IYONG LALAGYAN SA KUSINA O REUSABLE NA BAG

- Budburan ng baking soda ang iyong lalagyan upang maiwasan ang amoy.
- I-seal nang mahigpit ang mga lalagyan at bag.
- I-freeze ang mga tira-tirang pagkain at itago ang bag sa freezer. Tanggalin sa freezer sa gabi o sa umaga bago ng koleksyon.
- Parating hugasan at patuyuin ang mga lalagyan at reusable bag upang maiwasan ang amoy.

Tips para sa IYONG BERDENG COMPOST CART

- Ilabas ang iyong berdeng compost cart tuwing dalawang linggo.
- Budburan ng baking soda upang maiwasan ang amoy.
- Ipagpalit-palit ang nabubulok na basura at tira-tirang pagkain, simulan sa nabubulok na basura sa ilalim para masipsip ang natitirang liquid mula sa natirang o nasayang na pagkain.
- I-freeze ang mga tira-tirang pagkain at ilagay sa iyong berdeng compost cart sa gabi o bago sa umaga ng araw ng koleksyon.
- Ilagay ang berdeng compost cart sa lilim at isara ang takip.

Ipahinga ang iyong garbage disposal!

Iwasang gamitin garbage disposal para sa tirang pagkain. Mga taba, at mantika (Fats, oils, and greases - FOG) ay pinaka nakakasama at dapat itong isipsip ng absorbenteng materyal. Pagkatapos, ilagay ito sa iyong kulay-abo na basurahan.

ISAMA ANG PAGKAIN! GABAY PARA SA PAGKOLEKTA NG PAGKAIN

GROW Green Recycling Organic Waste

ENV Community. Commitment. Continuity.

honolulu.gov/opala

SIMPLENG HAKBANG PARA SA KOLEKSYON NG NATIRA AT NASASAYANG NA PAGKAIN

1

Ilagay ang lalagyan sa isang kombenyenteng lugar sa iyong kusina.

2

ISAMA ANG PAGKAIN! *Itapon ang lahat ng tirang pagkain at natirang pagkain sa plato sa lalagyan. Tandaan, huwag magdagdag ng likido.*

3

Ilagay ang laman ng iyong lalagyan sa iyong berdeng kompost cart at kasama ang nabubulok na basura. Ilabas ang berdeng kompost cart para sa pagkolekta tuwing dalawang linggo.

ISAMA ANG PAGKAIN!

- **Prutas**
- **Gulay**
- **Mga gawa sa gatas: mga solid at semi-solid(tulad ng keso at yogurt)**
- **Tinapay at pinalatok**
- **Pasta, kanin, grano, at cereal**
- **Beans, mani, at mga buto**
- **Karne, pagkaing-dagat, manok, at buto (tulad ng mula sa isda at manok)**
- **Balat ng itlog, balat ng mani, at mga kabibe**
- **Mga tira-tira at bulok na pagkain**
- **Mga tira sa mesa at plato**
- **Latak ng kape at dahon ng tsaa**

Tandaan—iwasan ang pagsayang ng pagkain sa simula pa lamang! Maaari tayong gumawa ng mga hakbang upang mabawasan ang pagsayang ng pagkain sa pinagmulan. Planuhin ng maaga ang iyong pahandaan at listahin ang iyong kailangang bilhin sa grocery. Itago nang maayos ang pagkain, ayusin ang iyong refrigerator, at kainin o i-freeze ang pagkain bago masira Kung may tira kang pagkain, **ISAMA ANG PAGKAIN** sa iyong berdeng kompost cart/basurahan! Tandaan na ang mga tirang pagkain ay mabubulok at bumabaho at maaaring magdulot ng pagkahilo, kaya inirerekomenda na ilagay sa freezer.

IWANAN NA LANG

- Mga likido
- Papel at mga produktong papel
- Plastik
- Metal
- Babasagin
- Taba, at mantika (FOG)
- Materyales na nabubulok (MCM): mga produktong may label na Nabubulok at Biodegradable
- Dumi ng alagang hayop
- Mga tasa na itinatapon para sa kape
- Mga lalagyan ng takeout at mga kahon ng pizza
- Balot at pakete ng fast food
- Kork, goma, mga sticker ng prutas at gulay, at mga twist tie